# Praymer sa P357 M UP Budget Cut

Office of the Student Regent & Katipunan ng Mga Sangguniang Mag-Aaral sa UP (KASAMA sa UP)

## *Ano ang kalagayan ng panukalang UP budget para sa 2005?*

Bago nagtapos ang 2004, ipinasa na sa House of Representatives ang panukalang budget para sa taong 2005. Nakagigimbal na makitang sa ipinasang budget ng Lower House, ibayong nilakihan ang ipinanukalang UP budget cut na P67.9 M ng Department of Budget and Management patungong P357 M. Mula sa P4.519 B na tinanggap ng UP noong 2004, magiging P4.162 B na lamang ang UP budget para sa taong ito—isang malinaw na kaltas na umaabot sa P357 M.

Ito na ang pinakamalaking budget cut na mararanasan ng unibersidad sa malapit na kasaysayan nito. Mas malaki pa nga ang pagkaltas ngayon kung ihahambing sa mga naging panukala noong panahon ng gobyernong Estrada na umaabot lamang sa mahigit P200 M ang kaltas. Ilang araw na lamang ay matatapos na ang deliberasyon sa Senado. Hinahangad nilang maipasa na ang budget ngayong lingo at makapag-bicameral meeting na sa Pebrero 7 upang mapagtugma ang ginawang budget ng Senado at Kongreso. Ang mabubuong budget ng bicams ang siyang ihahapag kay Gloria Macapagal-Arroyo para maging batas.

Table 1. Paghahambing ng UP Budget ng 2004 at 2005

| (*in thousand pesos*) | **2004** | **2005 (DBM proposal)** | **House Approved 2005** | **Difference (House – 2004)** |
|---|---|---|---|---|
| Personnel Services | 3,750,977 | 3,750,977 | 3,461,931 | (289,046) |
| MOOE | 552,505 | 609,714 | 609,714 | 57,209 |
| Capital Outlay | 216,302 | 91,149 | 91,149 | (125,153) |
| **Total** | **4,519,784** | **4,451,840** | **4,162,794** | **(356,990)** |

Malinaw na mas mababa ang panukala ng Kongreso sa iminungkahing budget ng UP Administration na P5.968 B para sa susunod na taon – na tinatayang kailangan ng UP para mapanatili ang kasalukuyang kalagayan ng mga pasilidad at serbisyo nito, bukod sa ilang pagpapaunlad. Kung susuriin, kompromiso na nga ito ng UP Admin mula sa P7.2 B hinihingi nito para sa 2004, bilang pagtugon sa panawagan ng Arroyo administration na magtipid dahil diumano sa nagaganap na fiscal crisis sa bansa.

Pinababa ng Kongreso ang Personnel Services (PS), na gagamitin para sa sweldo ng mga guro at kawani. Bagamat itinatakda sa Salary Standardization Law ang 10% na taun-taong pagtaas ng kanilang sweldo, ang hindi pagtaas ng budget galing sa gobyerno para sa PS ay itinutulak ang UP na punuan ito mula sa tinatawag na "revolving funds" – o iyong nililikom na pondo ng UP sa tuition fee ng mga estudyante at iba pang proyektong komersyal. Hindi pa pinag-uusapan dito ang iba't ibang makatwirang benepisyong ipinapaglaban ngayon ng mga guro at kawani sa UP Admin.

Samantala, tumaas nang bahagya ang budget para sa Maintenance and Other Operating Expenses na napupunta sa pang-araw-araw na operasyon ng UP. Ang itinaas, gayunman, ay lubhang mas mababa sa mungkahi ng UP Admin na P250 M na pagtaas para sa 2005 para sa mga target na proyekto. Halos katumbas nga lamang ito ng inflation para sa nakaraang taon, kaya masasabi din na adjustment lang ito at walang naganap na pagtaas sa real value nito.

Dumausdos naman ng mahigit kalahati ang budget para sa Capital Outlay na dapat ay napupunta sa pagpapatayo at pagpapaayos sa mga gusali ng UP at ng Philippine General Hospital na nasa ilalim ng UP Manila. Gayunman, nitong 2004 ay buung-buong napunta sa PGH ang budget sa CO ng buong UP. Napakaliit ng panukalang CO para sa 2005 kumpara sa panukalang dagdag ng UP Admin na P145 M para sa PGH lamang at P450 M para sa CO ng mga yunit ng UP sa buong bansa. Matinding atake sa serbisyong pangkalusugan ng PGH ang panukalang budget na ito.

Ang totoo, napakaliit maging ng 2004 UP budget. Mas mababa ito sa 2003 UP budget na P4.848 B. Hindi lamang kulang ang panukalang 2005 UP budget kung ihahambing sa panukala ng UP Admin at sa 2004 UP budget. Kapos na kapos ito kung ihahambing sa mga pangangailangan ng mga sektor ng UP sa pagsulong ng interes at karapatan.

Sa kasalukuyan, minamadali na ang pagpasa sa Senado ng panukalang budget para sa taong 2005. Ngunit sa harap ng mga nakaambang na deliberasyon para sa kontrobersyal na VAT bill, nagiging maugong na talakayan ang pagkakaroon ng reenactment ng 2004 budget—na sa totoo lang ay reenacted 2003 budget. Mapanganib para sa unibersidad ang ganitong sitwasyon dahil paniyak na hindi na tataas ang budget ng UP at ng edukasyon. Ang mangyayari, lalo pang liliit ang mga ito dahil ang mga pondo para sa mga proyekto ng gobyerno noong 2003 at 2004 na tapos na ay mapupunta lahat sa discretionary fund ng Pangulo ng Pilipinas – o ang tinawag ni Senador Joker Arroyo na "superpork" ni PGMA. Ngayong 2004, taon ng eleksyon, umabot ito ng mahigit P100B. Kailangang labanan ang ganitong hakbangin na i-reenact ang pambansang budget dahil hindi lalaki ang alokasyon para sa UP, sa edukasyon at sa mga srbisyong panlipunan. Malalagay pa nga ito sa pondong bulnerable sa pagkurakot at pandarambong ng mga matataas na opisyal ng pamahalaan.

## *Anu-ano ang epekto ng budget cut sa ating mga iskolar ng bayan?*

**1. KOMERSIYALISASYON**

Matinding atake sa karapatan at interes nating mga iskolar ng bayan at ng ibang sektor ng UP ang mababang budget at budget cut. Kinikilala ng iba't ibang sektor na ang mas mataas na UP budget, gayundin ng budget para sa serbisyong pangkalusugan, pabahay at iba pang serbisyong panlipunan, ang susi sa pagsulong ng ating mga interes at karapatan. Ngunit sa harap ng malaking budget cut, tiyak na titindi ang nagaganap na komersiyalisasyon – ang pagbebenta ng edukasyon katulad ng anumang kalakal, sa halip na ibigay ng gobyerno bilang karapatan sa mga iskolar ng bayan.  Sa ganitong iskema, ipinapasa sa mga estudyante ang tungkulin na pondohan ang kanilang pag-aaral.

Sa mga nakalipas na taon, iba't ibang bayarin ang nililikom sa mga estudyante para lamang makakuha ng pondong pampuno sa kawalan ng budget mula sa gobyerno.  Tampok sa mga ito ang ss:

(i) Tuition sa ilalim ng Socalized Tuition Financial Assistance Program o STFAP.  Kasama na rito ang Individualized tuition increase dulot ng bracket creep o pagtaas ng bracket sa STFAP.
(ii) Tuition sa graduate school at piling mga kurso
(iii) Laboratory fees sa iba't ibang sabjek na patuloy na dumadami at tumataas
(iv) Imposed exorbitant fees – katulad ng late registration fee, change of matriculation fee, at iba pa.

***Pagkalap ng kita mula sa STFAP***

Mula noong 1989 nang ipatupad ng STFAP, ilang beses nang nagtaas ang matrikula sa UP Simula sa P17 kada yunit, umakyat mula P40, P200, hanggang sa kasalukuyang P300 (sa UP Diliman, pinakamataas sa buong UP System) ang matrikula kada yunit. Sinasabing sa pamamagitan ng STFAP, sinusubsidyuhan ng mga mayayaman ang pag-aaral ng mga mahihirap.  Ngunit sa kasalukuyang kalagayan iilan lamang talaga ang nasusubsidyuhan o napapailalim sa Bracket 1-4.  Ang karamihan ng mga estudyante ay nananatiling nagbabayad ng tuition at iba pang mga bayarin.  Halimbawa ay ang UP Manila na may populasyon na 4351 sa undergraduate programs nito noong 2003-2004.  Sa populasyong ito, 189 lamang ang nasa Brackets 1-4 at lahat ng Bracket 1 (149 katao) ay nanggaling sa School of Health Sciences sa Palo, Leyte at hindi sa mga kolehiyo ng UP Manila sa Taft.

Dahil sa mababang UP budget at budget cut, pinaghahandaan ng UP Admin sa pamamagitan ng University Committee on Scholarships and Financial Assistance (UCSFA) ang pagtataas ng matrikula sa pamamagitan ng STFAP Rebracketting.  Ito ay isasagawa sa kabila ng patuloy na nagaganap na mga bracket creep.  Nitong huli, ayon sa ulat ng Office of the Student Regent, pinagkaisahan sa komiteng ito na kapag ang isang estudyanteng nag-apply sa STFAP ay may cellphone, awtomatikong mawawala na siya sa Brackets 1-4.  Mayroon ding mga naiulat na kaso nang mga magkakapatid na hindi pare-pareho ang bracket na kinabibilangan.  Bagamat magkapareho naman sila ng idineclare na ari-arian at kita ng magulang, magkaiba sila ng bracket dahil daw sinusubsidyuhan na ang isa sa kanila.

Mahalagang batayan ng pag-aaral ng UP Admin hinggil sa STFAP ang papel ni Edita A. Tan noong 1999, ang "A Call for Tuition Reforms in UP,".  Ayon dito, kailangang ibatay ang pagsusubsidyo sa "inherent ability, academic performance, socio-economic background, and potential contribution to national development" ng isang estudyante. Sa madaling sabi, hindi para sa lahat ang ibibigay na subsidyo ng gobyerno sa edukasyon.  Aniya, "A simple solution is to adopt a 'full-cost' pricing combined with a scholarship program geared to academic excellence, national development goals and equity."

Ang binabanggit niyang "full-cost pricing" ay aabot sa halos P62,246 bawat estudyante bawat taon. Sa kasalukuyan, mungkahi ng UCSFA ang pagdadagdag ng Bracket 10 hanggang 11 ng STFAP. Dito anila ilalagay ang "mayayamang" estudyante ng UP na kayang magbayad ng buong halaga ng edukasyong UP.

May iba pang rekomendasyon si Tan hinggil sa pagtataas ng bayarin:

[1] Not doing anything or bracket creep
[2] Raise tuition per unit by P100 per year beginning year 1 (of implementation), to year 5: a marginal measure.
[3] Raise tuition to P500 in year 1, and by P100 unit per year unit until year 5.
[4] Raise tuition to P600 in year 1 and by P100 per unit per year until year 5.
[5] Raise tuition to P600 in year 1 and by a yearly rate that will reach a fee/cost ratio of 70% (or a subsidy of 30%) by the end of year 5. During the period of adjustment, the University will deliberate on the issues of rationalizing UP education, and then decide on a new system.

Sa kasalukuyan, sa lahat ng pinagkukunan ng UP para sa kaniyang internally-generated income, ang mga kinokolekta nito mula sa mga estudyante ang pinaka-estable.  Sa pagdaan ng mga taon, may inilaki ang nakokolektang kita ng unibersidad mula sa bayarin ng estudyante.  Habang papaliit ang budget sa UP, lalong lumalaki ang halagang kinukuha mula sa mga estudyante.  Inamin mismo ng Task Force Committee on Tuition Increase ng UP Manila College of Medicine na sa kanilang kolehiyo, 95% ng kita ay nagmumula sa tuition.

Table 2. Income Generated from Students

| *(in thousand pesos)* | **2003** | **2004** | **Projected 2005** |
|---|---|---|---|
| Income from tuition | 340,357 | 341,226 | 341,826 |
| Other income from students | 37,410 | 35,859 | 35,950 |
| **Subtotal: Generated from students** | **377,767** | **377,085** | **377,776** |
| Total: Internally generated income | 1,007,630 | 950,234 | 950,234 |
| **Percentage of income from students** | **37.49 %** | **39.68 %** | **39.76%** |

Source: Budget of Expenditures and Sources of Financing FY 2005

***Papataas na tuition sa graduate school at sa piling kurso***

Noong 2001, nagtaas ng tuition sa mga graduate students. Mula sa dating P300/unit, ang increase ay umabot sa 167% hanggang 500% depende sa mga naging proposal ng bawat kolehiyong nagtaas.

Iba't iba ang naging halaga ng pagtaaas ng tuition sa graduate school. Relatibong may kabilisan ang pagtataas ng tuition ng mga graduate students kung ihahambing sa undergraduate students. Sa loob ng mahigit 2-3 taon, lumampas pa sa pagdoble ang binabayaran kada unit sa graduate school. Taon-taon din nagaganap ang pagtaas sa tuition ng mga ito. Nakatala sa sunod na pahina ang mga naganap na pagtaas ng tuition nitong nakaraang taon lamang.

Table 2. Graduate School Tuition Increases, AY 2004-2005

| **Unit/Course** | **From (per unit)** | **To (per unit)** | **Percent of Increase** |
|---|---|---|---|
| UP Diliman [CAL, NCPAG, SURP, EDUC, CHE, CSSP, MUSIC, CHK, ARCHI, ASIAN CENTER, ARCHEOLOGICAL STUDIES, ILIS, ENG'G] | 300 | 500 | 66.67% |
| UP Diliman [CMC, STAT] | 300 | 600 | 100% |
| UP Diliman [ECON] | 300 | 700 | 133% |
| UP Diliman [SOLAIR] | 500 | 700 | 40% |
| UP Diliman [CS] | 300 | 600*<br>1500** | 100%<br>400% |
| UP Extension Program in Pampanga | 200 | 500 | 150% |
| UP Manila | 750 | 990 | 32% |
| UP Los Baños | 200 | 600 | 200% |

*–without laboratory component
**–with laboratory component

Sa pagpasok ng ikalawang semestre noong 2004, sumulpot na usapin ang pagtatas ng tuition sa College of Medicine. Sa mga na pag-uusap sa Task Force na binuo para aralin ang pinansya ng kolehiyo, ang mga lumabas na pamamaraan sa pag-aayos ng pinansya ay (a) long term business plan, (b) reduce costs at (c) augment income through adjustment of tuition. Kapansin-pansin na wala sa mga naging rekomendasyon ang paglalaban para sa mas mataas na subsidyo mula sa gobyerno.

Ayon sa komite, 1992 pa daw ng huling magtaas ang College of Medicine ng tuition nito patungo sa kasalukuyang 11,000+ na kabuuan. Bilang adjustment dahil sa inflation, dapat daw itaas ang bayarin patungon P28,000 kada semestre. Ayon sa kanilang komputasyon, ang ginagastos ng kolehiyo para sa bawat isang estudyante ay umaabot ng P190,030. Ipinapakete ang panukalang pagtataas na ito sa ngalan ng tuition adjustment. Adjustment dahil sa (1) patuloy na inflation at (2) paghahambing sa binabayaran ng mga med student sa ibang paaralan. Ngunit kung susuriin, ginagamit na dahilan ang adjustment upang mapadaling mapalunok ang pagtataas ng bayarin. Sa linya ng adjustment, ang nararapat na magtaas dahil sa inflation ay ang budget ng UP at ang mga suweldo, hindi ang matrikula. Hindi rin maaaring ihambing ang tuition sa UP sa iba pang mga medical school tulad ng UST at St. Luke's dahil magkaiba ng karakter ang mga ito.

***Pagtaas at Pagpataw ng Laboratory Fees***

Sa UP Admin na rin nanggaling na nasa 3.1 % lamang ng estudyante ng UP ang maituturing na milyonaryo. Ngunit tulad ng ginagawa na nito ngayon, sunod-sunod pa rin ang pagtataas at bagong pagpapataw ng mga bayarin sa iba't ibang kolehiyo sa mga kampus ng UP System.

Sa mga nakaraang taon, naging tampok na porma ng komersiyalisasyon ang pagtaas ng mga sinisingil nang laboratory fees at pagpataw ng mga bagong ganito sa iba't ibang aralin sa UP System. Sa UP Diliman pa lamang, nagbukas ang AY 2004-2005 nang mayroong 19 na pagtaas at pagpataw ng lab fee sa 5 kolehiyo. Sa mga ito, karamihan ay pagpataw mula sa walang sinisingil

tungo sa P500 sa bawat aralin.  Taun-taon, sinisingil ang mga iskolar ng bayan ng mga bugso ng aprubadong pagtaas o pagpataw ng laboratory fees.

Simula November 2003 hanggang Mayo 2004, inaprubahan ng Board of Regents ang pagpapataw ng mga bagong laboratory fees sa maraming departamento at kolehiyo, tulad sa College of Science at College of Business Administration.  Taun-taon ay nagpapataw ng mga bagong bayarin sa mga kurso. At hindi lamang paisa-isa ang mga proposed na dagdag sa laboratory fee kundi maramihan tulad ng gagawin sa College of Mass Communication sa UP Diliman.  Dagdag na naman ito sa marami nang bayaring ipinapataw sa mga estudyante. Ipinapasa ang kakulangan ng pondo ng UP para bumili at magpanatili ng mga pasilidad sa mga paniningil ng maraming bayarin.

Table 3. 2004 Approved and Proposed Laboratory Fee Increases

| *Approved*<br>Subject | From | To | *Proposed*<br>Subject | From | To |
|---|---|---|---|---|---|
| *Approved in 2004* | | | UPD [*CMC Film*-1 subject] | 0 | 600 |
| UPD [*Business Ad*-5 subjects, *CSSP*-2 subj, *CHE*-1subj, *CS*-5 subj, *Eng'g*-1 subj] | 0 | 500 | UPD [*CMC Film*–1 subject] | 0 | 200 |
| | | | UPD [*CMC Film*-7 subjects] | 400 | 800 |
| | | | UPD [*CMC Film* -9 subjects] | 100 | 200 |
| | | | UPD [*CMC Film*-1 subject] | 300 | 800 |
| UPD [*Eng'g*-2 subjects] | 0 | 400 | UPD [*CMC Film*-1 subject] | 400 | 600 |
| UPD [*Eng'g*-1 subject] | 0 | 600 | UPD [*CMC Film*-5 subjects] | 300 | 600 |
| UPD [*Eng'g*-1 subject] | 50 | 500 | UPD [*CMC Film*-1 subject] | 0 | 2000 |
| UPD [*CS*-1 subject] | 0 | 800 | UPD [*CMC Journ*-1 subject] | 500 | 600 |
| UPLB [*ICS*-all comp. science subjects] | 350 | 500 | UPD [*CMC BCom*-8 subject] | | 200 |
| | | | UPD [*CMC BCom*-2 subject] | | 500 |
| | | | UPD [*CMC BCom*-2 subject] | | 600 |
| *Approved in 2005* | | | UPD [*CMC BCom*-6 subject] | | 800 |
| UPV [*CAS*-2 subjects] | 0 | 500 | UPD [*CMC BCom*-3 subject] | | 1000 |
| | | | UP Manila [*Dent*] | 2500 | 11000 |
| | | | UP Mindanao [*CSM*] | 300 | 1800 |

Nitong Hunyo, natuklasan ng Opisina ng Rehente ng mga Mag-aaral na ang isang bayarin sa National College of Public Administration (NCPAG) ay hindi aprubado ng BOR gayong kinokolekta ito noon panbg 1992.  Mula rito, nagkaroon ng imbestigasyon ang mga estudyante sa mga bayarin sa kani-kanilang kolehiyo. Dahil sa imbestigasyong ito, lumabas ang mga sumusunod:

- Sa College of Business Administration, lahat ng mga bayaring siningil ngayong unang semestre ay dalawang semestre nang sinisingil sa porma ng "computer usage fee" nang hindi aprubado ng BOR. Isang beses lamang ito ikinonsulta sa mga estudyante dahil hindi naman daw ito laboratory fee ayon sa college administration na direktang nagpa-apruba ng bayaring ito sa Chancellor ng UP Diliman at sa Pangulo ng Unibersidad.
- Sa Department of Food Science and Nutrition sa College of Home Economics, 30% ng nalilikom na pondo mula sa laboratory fees ay inilalaan sa pagbili ng mga "durables" na kagamitan sa laboratoryo. Katulad ito sa College of Mass Communications, ang laboratory fees ay ginagamit sa pagbili ng dyaryo ng college administration office at mga kagamitan sa opisina na matagal ang gamit.
- Sa Department of Molecular Biology and Biotechnology sa College of Science, mali ang porma ng "konsultasyon" ng college administration para sa pagtaas ng laboratory fees. Nagpaskil lamang ito ng survey questions sa pasukan ng gusali. Hindi rito sinabi kung magkano ang mungkahing pagtaas. Hindi rin nakalagay ang partikular na paglalaanan ng malilikom na pondo.
- Sa College of Mass Communication, patuloy ang pagsingil ng laboratory fees kahit sa mga estudyanteng hindi gumagamit ng mga partikular na pasilidad at gumagamit lamang ng telebisyon, halimbawa.
- Sa College of Dentistry ng UP Manila, nagbabayad ng magkaparehong halaga nag mga pre-clinical at clinical students gayong mas kaunti ang lab units ng mga pre-clinical. Ani ng administrasyon, ginagawa ito upang hindi mabigatan sa pagbabayad ang mga estudyante ng kanilang lab fee pagdating sa mga susunod na panahon.  Ang kahirapan dito, nagbabayad ang estudyante para sa mga lab units na hindi pa naman tiyak na kukunin niya sa susunod na semestre.
- Natuklasan din na sa UP in the Visayas Cebu College na nagbabayad ang mga estudyante ng PhP300 na laboratory fee para as sabjek na CS141 kahit wala namang gawaing laboratoryo ang naturang aralin. Matapos lamang ng imbestigasyon at pag-ulat ng nasabing maaumalyang pagsingil ng lab fee, nagkaroon ng reimbursement ng binayaran at itinigil ang pagsingil.
- Ipinapanukalang magkaroon ng P200 na bayad ang PE subjects sa UP Manila
- May planong "Rationalization of Laboratory Courses" sa College of Sciences and Mathematics sa UP Mindanao, na nagtutulak ng pagtaas ng mga laboratory fees mula P300 patungong P1,800 bawat aralin.

Sa pamamagitan ng mga halimbawang ito at marami pang iba, malalagom ang mga sumusunod na punto:

a) Sinisingil ang mga iskolar ng bayan ng mga bayaring ginagamit para sa iba't ibang gastusin ng kanilang mga departamento at kolehiyo, hindi na lamang ng kanilang aralin. Hindi lamang ginagamit ang laboratory fees para sa mga consumables na gagamitin ng isang estudyante sa kanilang aralin. Katulad na ito ng paggamit sa mga bayaring sinisingil sa pribadong paaralan.
b) Malakas na itinutulak ng UP Admin ang pagpataw at pagtataas ng laboratory fees, kaya ang konsultasyon para rito sa mga estudyante ay ginagamit lamang para gawing lehitimo ang pagtaas. Depektibo ang mga konsultasyon at nasa balangkas ng paghihikayat sa mga estudyante na pumayag sa panukalang pagtaas o pagpataw ng mga bayaring ito.
c) Pinagbabayad ng laboratory fee ang mga estudyante kahit sa susunod na semestre pa naman sila magkakaroon ng karagdagang lab unit. Ginagawa ito upang mapalaki ang dami ng nakukuhaan ng lab fee. Sinisingil din ang mga estudyante ng lab fee kahit wala naman silang maituturing na lab course.

***Fee, Fee, at marami pang mga Fee***

Bukod sa tuition at laboratory fee, marami pang bayaring sinisingil sa mga iskolar ng bayan – mga bayaring hindi dumaan sa demokratikong konsultasyon, hindi inaprubahan ng Board of Regents, at hindi inulat sa mga estudyante kung saan napupunta o ginugugol. Pahirap ang mga bayaring ito, at hindi malinaw nag mga batayan ng pagsingil. Ito ang dahilan kung bakit tinatawag silang "imposed exorbitant fees".

- Tampok sa mga imposed exorbitant fees ang late registration fee na P50. Madalas, nahuhuli ang mga estudyante dahil sa problema sa registration, katulad ng kawalan ng mga araling inaalok at mga suliranin sa CRS. Kapag ang estudyante ay walang pera at nahuli sa pagpapatala, sisingilin pa siya ng UP ng late reg fee. Dapat kagyat na itong maibasura.
- Sa antas ng buong kampus, samu't saring bayarin ang sinisingil sa mga estudyante sa bawat kibot sa kanilang kalagayang pang-akademiko: ID fee, LOA fee, change of matriculation fee, at iba pa. Sinisingil ang mga estudyante para sa simpleng pagpoproseso ng papel at katayuang pang-akademiko.
- Tampok din ang pagsingil sa mga pormasyon ng estudyante para sa paggamit ng pasilidad. Hanggang sa simpleng mga classroom ay pinababayaran na ang paggamit. Sa UP Visayas, mayroon pang mga nakaambang pagtatas ng rental ng facilities gayong nitong nakaraang taon pa lang sinimulang maningil sa mga pasilidad. Kahit ang simpleng grounds lamang na hindi naman gagamitan ng kuryenta ay sinisingil ng P300/oras (average).
- Kahit na aktibidad na pang-akademiko ang isasagawa ay sinisingil pa rin ang mga estudyante para sa paggamit ng pasilidad. Nangyayari ito sa UPD CSSP, UPD CAL, UP Manila at sa kalakhan ng UP Visayas.
- Sa mga dormitoryo, samu't saring bayarin ang ipinapataw sa mga residente nang hindi inaprubahan ng BOR, katulad ng cellphone charging fee, electric fan fee, computer fee, radio fee at ibang bayaring kaugnay ng paggamit ng kuryente. Mayroon ding dagdag na bayarin ang bagong residente sa dormitoryo.

## 2. KOMERSIYALISASYON NG MGA PAG-AARI NG U.P.

Mahigpit na kaugnay ng pagtatas ng mga bayarin ng mga estudyante ang komersiyalisasyon ng pag-aari ng UP. Pareho itong mayor na pagsisikap para punuan ang pondong binabawas o ipinagkakait ng gobyerno sa UP. Habang tumatagal, salimbayang isinasagawa ang pagtataas ng matriukula at ang pagkomersiyalisa ng mga assets ng UP.

Sa pamamagitan ng Presidential Proclamation No. 582 noong Marso 18,2003, pormal nang binigyang-pahintulot ang UP na magtayo ng S&T Parks (South) sa humigit kumulang na 50,035 square meters ng lupa nito sa C.P. Garcia Avenue. Sinundan pa ito ng paggawad ng Philippine Economic Zone Authority noong May 21 ng certificate of registration sa UP bilang developer/operator ng S&T Parks.

Sa pamamagitan ng mga kasunduang ito, pinapahintulutan na ang tuluy-tuloy na pagtatayo ng S&T Parks sa lupa ng UP, bahagi ng malalaking plano ng UP Administration sa pagbebenta at pagrerenta ng kanyang lupa para pagkakitaan. Pinaglaanan ito ng UP administration ng 163.5 hektarya o 33% ng kabuuang lupa ng UP Diliman campus. Sa North, sinasaklaw nito ang 98.5 ektarya sa Commonwealth Avenue, mula sa Arboretum hanggang sa Iglesia ni Cristo Compound. Sa South, sinasaklaw nito ang 65 ektarya sa C.P. Garcia Avenue.

Sa S&T Park North naman, mas masaklaw pa sa mismong S&T Facilities ang mga istrukturang itatayo para sa "commercial purposes." Lalamanin nito ang "product manufacturing, hotel, shopping center, supermarkets, gym, swimming pool, theaters, financial institutions, specialty stores, leisure facilities, warehouse, entertainment center, 24-hour helipad, and condominium hotels."

Kailangan ng UP at ng bansa ang mga pasilidad na inaalok ng mga S&T parks. Kailangan ito sa layuning makapaglingkod ang teknolohiya sa maraming bilang ng mamamayan. Gayunman, nasa pinakamahinang posisyon ang UP sa mga makaisang-panig na kasunduang pinapasok nito. Dapat tutulan ang anumang pagsasamantala sa mga kasunduan para lamang isulong ang komersyal na

interes ng mga korporasyon, kapalit ng walang hadlang na pagbubukas ng yamang akademiko ng UP. Higit sa lahat, dapat mag-ambag ito sa pagpapaunlad ng sistema ng edukasyon, at hindi maging dahilan ng pagtakas ng gobyerno sa tungkulin nito.

Sa pagdaan ng mga taon, sunud-sunod ang pagpapatupad ng mga iskema ng UP Administration para lumikom ng sariling pondo tulad ng UP Diliman Town Center, Diliman Hostel, Megadorms at iba pa. Ang pagkokomersiyalisa ng mga pag-aari ng UP ay nasa ilalim ng mas masaklaw na plano tulad ng Land Use Plan, UP Five Year Plan at UP Plan 2008. Ang mga patakarang ito ng UP ang nagpapatupad sa ibayong komersiyalisasyon ng UP.

Ito ang larawan ng komersyalisasyon ng edukasyong UP. Sa panahong napakaliit na ng pondong tinatanggap ng UP mula sa gobyerno, wala na itong ibang aasahan kundi ang mga korporasyon. Itinuturing din ng administrasyon ang pagtataas ng tuition at iba pang bayarin bilang paraan ng paglikom ng pondo, na inilalagay sa ilalim ng revolving fund kasama ang kita ng UP mula sa STFAP, pagpapaupa ng bahay at iba pang pag-aari, hospital fees, research fees at fees mula sa mga dormitoryo.

## 3. PAGKABULOK NG PASILIDAD AT SERBISYO

Dahil sa mababang budget at sa budget cut, hindi mapapaunlad ang mga pasilidad at serbisyo ng UP. Sa harap ng patuloy na budget cut, hindi nakakaya ng UP kahit ang pag-maintain ng mga pasilidad at serbisyo. Hindi nakasasapat ang nalilikom nap era mula sa bga bayarin ng estudyante kaya naman patuloy ang pakasira at pagdausdos ng kalidad ng mga pasilidad at serbisyo ng UP.

### *Patuloy na Pagkabulok ng mga Pasilidad at Serbisyo*

Sa panukalang 2005 budget ng UP Admin, humingi ang UP ng P450 M para sa pagpapatayo, pagpapaayos at renobasyon ng mga gusali, gayundin ng P100 M para sa pagmomodernisa sa mga laboratoryo at iba pang pasilidad. Humingi rin ang UP ng P145 M para sa pagpapaayos at renobasyon ng mga gusali sa PGH, at ng P600 M para sa mga kagamitang medikal nito. Pawang hindi maipapatupad ng UP ang mga proyektong ito dahil nga sa mababang budget at sa budget cut.

Narito ang mga tampok na pangangailangan sa pasilidad at serbisyo ng UP, na hindi pa rin natutugunan sa kabila ng patuloy na pagsingil ng papataas na mga bayarin sa mga estudyante, at paglikom ng UP ng pondo sa pamamagitan ng pagkokomersyalisa sa lupa at iba pa nitong pag-aari.

- Sa CMC, naitayo na ang CMC Media Center mula sa pagso-solicit sa mga alumni, pulitiko at mga negosyante. Hindi pa rin ito magamit, gayunman, dahil wala itong mga pasilidad para sa ganitong pagsasanay, kahit batayang kagamitan sa klase katulad ng upuan at blackboard.
- Sa College of Education, patuloy ang downsizing patungo sa phase-out ng UP Integrated School na siyang laboratory school para sa mga estudyante ng kolehiyo. Serbisyo rin ng UP ang pagbibigay ng de-kalidad na edukasyon sa pamilya ng mga kawani ng UP.
- Sa ilang mga kolehiyo, katulad ng College of Home Economics, may mga estudyanteng nabibinbin sa pagtatapos dahil kailangang i-petisyon ang pagtuturo ng ilang aralin na reksito para makapagtapos. Sanhi nito ang kakapusan ng mga gurong magtuturo ng mga araling ito.
- Patuloy na atrasado at bulok ang mga laboratoryo. Dahil sa mababang budget at budget cut, hirap ang mga kolehiyo kahit sa pagbili ng mga kemikal na gagamitin sa mga simpleng eksperimento. Sa College of Pharmacy, ubos na ang mga kemikal tulad ng $AgNO3$. Ang mga binubuong grupo para sa eksperimento, sa halip na maliliit para makatutok dito, ay malakihan nang binubuo gaya nang sa College of Science at College of Engineering.
- Sa mga dormitoryo, nakatakda ang oras ng pagkakaroon ng tubig dahil sa lumang sistema ng mga tubo at pagseserbisyo ng tubig na nagpapahirap sa pag-akyat ng tubig sa mga dormitoryo.
- 3/10 eksperimento lamang ang naisasagawa sa mga laboratory courses ng BioChem sa UP Manila. Sa halip na gawin ang experiment, tinatalakay na lang ang mga teyoretikal na resulta.
- Wala pa ring permanenteng gusali at lugar ang UP Extension Program sa Pampanga bagamt ito ay 25 taon nang extension program ng UP Diliman.
- Kapos na kapos ang imprastruktura sa UP Mindanao. Hindi pa rin tapos ang konstruksyon ng kanilang building sa Bago Oshiro, Tugbok, Davao City. Ang College of Humanities ang Social Sciences ay nakikigamit sa UP Admin Building. Hindi rin aspaltado ang daan patungo sa campus at iisa lang ang dormitoryo na hindi naman namamantine.
- Sarado ang UPV Infirmary tuwing Sabado at Linggo. Dahil dito, may isang estudyante/dormer na inatake ng appendicitis ngunit kinailangan pang maghintay magamot dahil may isang oras pa mula sa UPV Miag-ao ang pinagdalhang ospital.
- Sa ilang mga college ng UP Manila (Nursing, Dentistry, School of Health Sciences), bawal ang manatili ang mga estudyante sa loob ng kanilang building pagkalampas ng alas-5. Bahagi raw ito ng pagtitipid.

### *Hindi Pagpapatayo ng mga Tambayan para sa mga Organisasyon*

Tampok na suliranin sa mga kolehiyo ang kawalan ng tambayan ng mga organisasyon, bagamat mahalagang kakambal na ito ng karapatan ng mga estudyante sa pagtatayo ng mga organisasyon at pagsali sa mga ito. Dahil sa mababang budget at budget cut, hindi maipaayos ang mga luma at nasisirang tambayan, at hindi rin makapagpatayo ng mga bagong tambayan. Atake ito sa karapatan ng mga estudyante na magtayo at maging kasapi ng mga organisasyon sa unibersidad.

- Sa College of Education at maging sa UPV Miag-ao, walang depinidong tambayan ang mga organisasyon.
- Sa College of Home Economics, walang opisina ang konseho ng mga mag-aaral.
- Sa UP Manila, hanggang ngayon ay hindi pa rin nakakabalik ang mga napaalis na organisasyon mula sa kanilang tambayan dahil sa mga konstruksyong naganap sa CAS building. Ganitong displacement din sa CSSP.
- Sa College of Mass Communication at maging sa Vinzons Hill, kulang ang tambayan para sa mga organisasyon na sinasamantala ng UP Admin para iikot sa mga organisasyon ang pag-okupa sa mga ito, dahilan para may mga organisasyong mawalan ng tambayan.
- Sa Vinzons Hall, pinapalayas ang mga organisasyong may tambayan sa loob ng gusali, gayong ang dapat ay dumami ang mga organisasyong may tambayan sa loob nito, bilang isang gusaling itinayo para okupahan at patakbuhin ng mga estudyante. Gagawing dagdag na pasilidad ng UP Admin ang mga dating tambayan – na sinasang-ayunan ng University Student Council.
- Itinutulak ang mga organisasyon na lumikom ng sariling pera kung nais magpatayo ng mga tambayan.

***Problema sa Seguridad***

Sa kasalukuyang sitwasyon, maging ang seguridad ng UP Community ay nalalagay sa panganib. Sa UP Diliman, maramihang nagtanggal ng mga security guards. Simula nitong Agosto 1, tinanggal ang 91 o 32% ng security guards. Mula sa 344, naging 253 na lamang sila. Ayon sa UP Admin, hindi na sapat ang natitirang pondo ng UP Diliman para swelduhan sila. Sa MOOE ng UP ngayong taon, P29 M ang nakalaan sa pagpapasweldo sa mga security guard. Sa unang anim na buwan ng taon, P23.5 M na ang nagastos para rito. Hindi na sapat ang natitirang P6.1 M para sa mga natitirang buwan ng taon para swelduhan sila.

Bago nito, kinilala na ng UP Admin ang problema sa seguridad sa kampus, kaya ipinasara ang ilang mahalagang daanan. Dahil sa pagtanggal sa 91 security guards, naging manipis ang kanilang pwersa sa buong kampus. Ang isang security guard ay nagbabantay ngayon ng ilang magkakatabing gusali, halimbawa, at kailangang laging lumibot. Mahihirapan silang agad na rumesponde sa anumang pangyayaring kakailanganin sila, kahit magkaroon ng surveillance facilities tulad ng mungkahi ng ilan.

Sa UP Visayas at UP Manila, malaking pangamba ang naidudulot ng kawalan maayos na lighting sa mga mayor na daanan. Sa Miag-ao, nagkakaroon ng lights off pagdating ng 12 pm habang sa UP Manila anamn ay sadyang hindi malinaw na naiilawan ang ilang mga dinadaanan ng estudyante.

Nakaasa ang pagdadagdag ng security guards batay sa kanilang MOOE o trust fund – na ang ilang bahagi ay mula sa bayarin gn mga estudyante. Hinihikayat na lamang ng UP Admin ang mga estudyante, guro at kawani na hindi dumaan sa ilang lugar sa kampus bilang pakikiisa diumano sa pagtitipid ng UP.

**<u>4. HINDI PAGBIBIGAY NG MGA BENEPISYO SA MGA GURO AT KAWANI</u>**

Tampok ngayong usapin sa mga kawani ang pagsasapribado ng mga opisina ng UP, pangunahin ang University Food Service o UFS. Nitong nakaraang semestre, bumulaga sa humigit-kumulang 40 empleyado ng UFS ang balitang isasapribadoito dahil daw sa ito ay “operating at a loss” ayon sa isang ulat ng Commission on Audit. Subalit ayon na in sa mga kawani ng UFS, mismong ang UP Admin ang dahilan kaya nalulugi ito; hindi nito sinusuportahan ang UFS bilang caterer. Nanantili pa rin sa posisyon ang mga kawani na ang UFS ay isang service institution na nagbibigay ng murang pagkain at iba pang serbisyo sa mga estudyante, kawani, guro at administrasyon ng UP.

Para sa mga kawani, ang pagsasapribado ng UFS ay nagangahulugan ng pagkawala ng kanilang trabaho at kabuhayan. Binibigyan sil ng 2 pagpipilian: early retirement package o paglilipat sa ibang departamento o yunit na wala naman talagang kinalaman sa kasalukuyan nilang trabaho sa UFS. Dahil sa pagtitipid at pagkukumahog ng UP na lumikom ng sariling pondoi, nasaamantala ang kabuhayan ng mga manggagawa at kawani.

Napapbalita ring isasapribado ang mga dormitoryo, UP Press, Campus Maintenance Office o CMO at iba pang auxiliary services sa UP Diliman. Sang-ayon ang pagsasapribado sa kagustuhan ng UP na makakuha ng ng mas malaking kita mula sa mga pribadong concessionaire o korporasyon. Mas nagging pangunahing konsiderasynng UP ang makakuha ng kita sa halip na ang magbigay ng serbisyo sa mga estudyante at iba pang kasapi ng UP community.

Dahil na rin sa kawalan ng MOOE, pinagbabayad na rin ang mga guro sa College of Dentistry sa paggamit nila ng LCD projector para sa kanilang pagtuturo. 293 sa 568 na faculty sa College of Medicine ay nagtuturo din nang walang kompensasyon. Patunay ang mga ito na sa sobrang kakulangan ng budget, kahit ang mga batayang benepisyo ng mga guro at kawani ay naisasantabi.

<u>Bakit maliit ang UP budget? Saan napupunta ang pera ng gobyerno?</u>

Ang maliit na UP budget at ang budget cut ay epekto ng misalokasyon ng gobyerno ng kabang-yaman ng bansa. Tinatamaan ng misalokasyong ito hindi lamang ang UP kundi ang buong sektor ng edukasyon at serbisyong panlipunan. Sa mga nakalipas na

taon, patuloy na binabawasan ang pondo o porsyento ng pambansang budget na inilalaan sa mahahalagang serbisyong ito na dapat ay ibinibigay ng gobyerno. Hindi maka-estudyante at maka-taumbayan ang pagba-budget ng gobyerno.

Para sa 2005, pinakamalaki ang panukalang kaltas sa budget ng UP sa lahat ng State Colleges and Universities (SCUs). Kakaltasan din ang budget ng 30 pang SCUs bukod sa UP para sa 2005. Kasama rito ang Mindanao State University (P14.74 M), ang Romblon State College (P8.44 M) at ang Polytechnic University of the Philippines (P2.6 M). Ang kabuuang panukalang budget para sa SCUs sa 2005 na P16.85 B ay mas maliit sa inilaan noong 2003, na P17.07 B. Katulad sa UP, kapos ang panukalang budget na ito para sapatan ang mga pangangailangan ng SCUs at paunlarin ang edukasyon.

Sa panukalang pambansang budget sa 2005 na P907.569 B, kapansin-pansin ang pagliit ng bilang ng SCUs na popondohan ng gobyerno. Ngayong 2004, 111 SCUs ang pinondohan ng gobyerno. Para sa 2005, panukalang gawin na lamang itong 85. Sa Nueva Vizcaya, halimbawa, dalawang SCU ang hindi tatanggap ng anumang subsidyo. Sa halip, pagsasanibin ang dalawang SCU – ang Nueva Vizcaya State Institute of Technology at Nueva Vizcaya State Polytechnic College – tungo sa Nueva Vizcaya State University. Ayon sa Wallace Report, isang pag-aaral ng mga negosyante sa bansa, ang drop-out rate sa kolehiyo ngayon ay 73%. Sa papaliit na budget para sa edukasyon, lalo lamang itinutulak ang mga estudyante at kabataan papalabas ng paaralan dahil sa hirap ng buhay at hirap magpaaral

Maliit din ang panukalang budget para sa batayang edukasyon sa bansa. Sa kauna-unahang pagkakataon, ngayon lang makakatanggap ng pagbabawas sa nominal value ng budget ng DepEd. Ang panukala ng DBM ay itaas ang budget nito papuntang P110.4 B mula sa nakuha nitong P107.5 B noong 2004. Sa halip na taasan, kinaltasan pa House ang budget nito, naging P102.63 B na lamang o katumbas ng 11.2% ng national budget. Sa proposal ng DBM, P3.2 B ang inilalaan sa pagpapatayo ng 8,000 klasrum, batay sa tantyang ang P1 B ay makakapagpatayo ng 2,500 na klasrum. Babawasan lamang nito ang kakulangan sa silid-aralan – na ngayon ay nasa 39,383 – ng 20.31%. Gayunman, hindi pa rin nito papaliitin ang bilang ng estudyante sa pinakamainam na 25. Ang klase ngayon sa mga pampublikong paaralan ay mula 60 hanggang 100. Malaki ito kung ihahambing sa Thailand (18), Malaysia (19), China (24), Taiwan (14) at Indonesia (22).

Napakaliit ng panukalang budget para sa capital outlay o pagpapatayo at pagpapaayos ng mga gusali at pasilidad ng edukasyon – P2.42 B para sa 2005 – lalo na kapag ihinambing sa mga kakulangang dapat punuan nito. Ayon sa DepEd mismo, 20% ng mga klasrum ang walang angkop na bentilasyon, 27% ang walang ilaw, 55% ang walang kuryente, at 25% ang walang kisame. Noong 2002, iniulat din nitong 22% ng mga paaralan sa elementarya at hayskul ang walang laboratoryong pang-agham.

Panukala ring dagdagan ang bilang ng mga guro ng 10,000 batay sa P1.11 B pondong inilaan dito. Gayunman, 20.32% lamang ang mapupunuan nito sa kakulangan ng mga guro na iniulat ng DepEd na nasa 49,212. Tahimik ang panukalang budget hinggil sa dagdag-sahod ng mga guro. Hindi na nakabubuhay ang sahod nila na nasa P9,939 sa isang buwan batay sa karaniwang pangangailangan ng pamilyang Pilipino na P594 bawat araw. Kaya naman ang karaniwang utang ng mga guro ay P50,109.

Napakaliit din ng pondo para sa kalusugan, pabahay at iba pang serbisyong panlipunan para sa taumbayan. Para sa kalusugan, panukalang budget para sa 2005 ng DBM ang P10.3 B, o 1.13% ng panukalang pambansang budget. Pumapatak na 34 sentimo lamang ang ilalaan ng gobyerno para sa serbisyong pangkalusugan ng bawat Pilipino sa 2005, mas mababa pa sa 35 sentimo ngayong taon.

Sa papel na “Fiscal Crisis, People’s Crisis” sa bulatlat.com, sinasabing kung isasama ang inflation o implasyon sa pagsusuri sa budget, makikita ang tunay na pagkaltas sa budget ng mga serbisyong panlipunan ng gobyernong Macapagal-Arroyo. Kung ihahambing ang budget para sa mga serbisyong panlipunan noong 1997 hanggang 2000 at mula 2001 hanggang 2003, lalabas na 2.6% ang kaltas sa budget ng edukasyon, 19.6% sa budget ng kalusugan at 58.9% sa budget sa pabahay.

Malinaw sa lahat ng halimbawa sa itaas na ang mababang budget at budget cut sa UP ay bahagi lamang ng mababang budget o budget cut sa mga SCUs, sa sistemang pang-edukasyon, at sa buong serbisyong panlipunan. Bahagi ito ng pagtalikod at pagtakas ng gobyerno sa tungkuling bigyan ang taumbayan ng mga serbisyong panlipunan bilang karapatan at hindi kalakal. Bahagi ito ng misalokasyon o mispriyoritisasyon ng gobyerno sa kabang-yaman ng bayan. Makikita sa table sa ibaba ang sistematikong pagbaba ng budget para sa mga serbisyong panlipunan. Makikita rin dito ang pinaglalaanan ng pondo ng pamahalaan: ang pagbabayad ng utang-panlabas ng pamahalaan.

Table 4. Paghahambing ng ilang bahagi ng pambansang budget: 1997, 2004 at 2005

| | 1997 | 2004 | 2005 (DBM proposed) | 2005 (House approved) |
|---|---|---|---|---|
| Debt Service (Interest) | 15.9 | 31.4 | 33.2 | 33.26 |
| Education | 19.3 | 15.5 | 12.34 | 11.32 |
| Health | 2.9 | 1.5 | 1.13 | – |
| Housing | 0.5 | 0.3 | – | – |
| Defense | 5.9 | 5.0 | – | – |

Partikular sa UP, ang pag-abandona ng estado sa tungkuling pondohan ito ay nilalaman at tinitiyak ng mga patakarang ipinapatupad ng gobyerno: ng Higher Education Modernization Act (HEMA), ng mga rekomendasyon ng Long-Term Higher Education Development Plan (LTHEDP) at Philippine Agenda on Educational Reform (PAER). Ito rin ang direksyong tinutungo ng pagsali at pagtupad ng gobyerno sa General Agreement on Trade in Services (GATS) ng World Trade Organization (WTO). Maging ang UP ay nagpapatupad ng mga patakarang yumayakap sa pag-abandona ng estado sa porma ng UP Plan 2005, UP Five-Year Plan, at ang UP Land Use Plan – na pawang tumatanggap sa direksyong itinatakda ng gobyerno sa pagba-budget at operasyon ng UP, at nagtutulak ng komersyalisasyon.

Taliwas sa sinasabi ng gobyerno, mayroon itong pondo na maaari at dapat ilaan sa edukasyon at serbisyong panlipunan. Dahil sa misalokasyon o mispriyoritisasyon ng gobyerno, gayunman, ang pondong ito ay hindi sa edukasyon at mga serbisyong panlipunan napupunta. Sa kongkreto, sa panukalang pambansang budget para sa 2005, napakalaking bahagi ng kabang-yaman ng bansa ang ilalaan ng gobyerno sa pagbabayad ng utang panlabas at sa "modernisasyon" ng militar.

Nitong Agosto 28, lumabas sa mga pahayagan ang paglalantad ni Senador Ralph Recto hinggil sa bahaging ng panukalang pambansang budget para sa 2005 na ilalaan sa pagbabayad ng utang panlabas ng pamahalaan. Tinutulan niya ang naunang pahayag ng Malacañang na 33.2% lamang ng panukalang pambansang budget o P301.7 B ang magiging pambayad-utang ng bansa sa susunod na taon. Aniya, pambayad pa lamang ito sa interes ng utang panlabas at hindi pa ito ang buong pondo para rito.

Mayroong nakalaang bayad sa prinsipal ng utang panlabas na umaabot sa P344.2 B. Ibig sabihin, P635.9 B ang kabuuang panukalang pambayad sa utang panlabas sa 2005. Mangyari, "off-budget item" ang pambayad sa prinsipal ng utang panlabas, kaya hindi nakatala sa panukalang pambansang budget. Ayon kay Recto, "Like interest expense, principal payments are deemed automatically appropriated. You can examine but you can't touch them. They can be scrutinized but they can't be slashed." Ibig sabihin, halos P1.77 B kada araw ang pambayad ng bansa sa utang panlabas.

Malinaw ang paglaki ng pondong pambayad sa interes at prinsipal ng utang panlabas ng bansa:

Table 5. Pagtaas ng alokasyon sa pambayad utang sa pagdaan ng taon

| | Levels (in P billion) | | | | Percent of Budget | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | 2002 | 2003 | 2004 | 2005* | 2002 | 2003 | 2004 | 2005* |
| Debt Service (Interest) | 185.9 | 230.7 | 271.5 | 301.7 | 25.1 | 28.4 | 31.4 | 33.26 |
| Debt Service (Principal Amortization) | 172.1 | 195.0 | 270.7 | 344.2 | – | – | – | – |

*Pagtaas ng pondo para sa pagbabayad ng utang panlabas (* – panukala)*

Hindi makatwiran, anti-estudyante, anti-kabataan at anti-taumbayan ang ganitong paglalaan ng kabang-yaman ng bayan sa papalaking pambayad sa utang panlabas ng pamahalaan. Sa panahon ng matinding krisis, kahirapan at disempleyo, lalong kailangan ng taumbayan ng edukasyon at iba pang serbisyong panlipunan. Dapat ang budget para sa mga serbisyong ito ang palakihin ng pamahalaan, hindi ang pondong papakinabangan ng mga malalaking dayuhang bangko lamang.

Kung susuriin, labag sa Saligang Batas ng 1987 ng bansa ang ganitong kalakaran sa paglalaan ng pambansang budget. Nilalabag nito ang sinasabi sa Konstitusyon na dapat ang edukasyon ang tumatanggap ng pinakamalaking bahagi at bahagdan ng taunang pambansang budget. Tusong nilulusutan ito ng gobyerno sa pag-alis sa pambayad-utang sa pagkwenta at paghahanay ng mga sektor. Dahil hindi sektor ang utang panlabas, lilitaw na isa sa mga nangunguna ang edukasyon kung ihahambing sa iba pang sektor katulad ng depensa, serbisyong pang-ekonomiya at iba pa.

Ang totoo, dapat muling pag-aralan ng gobyerno at taumbayan ang mga utang panlabas na ito. Kalakhan nito ay hindi pinakinabangan ng taumbayan dahil napunta sa kurakot ng mga pulitiko simula pa noong panahon ng diktadurang Marcos, o kaya naman ay hindi dapat bayaran dahil sa anti-taumbayang kundisyon at kasunduang kalakip ng mga pautang na ito. Dapat maging kritikal sa mga utang panlabas na ito. Hindi ito dapat buong-tiwalang binabayaran katulad ng ginagawa ng gobyerno.

Ang masama pa, ginagamit ang pagbabayad ng utang-panlabas na dahilan para silipin ang gastos ng gobyerno sa mga Government-Owned and Controlled Corporations. Ayon pamahalaan at sa mga kakampi nitong ekonomista, magastos at nagdadagdag lamang ng gastusin ng gobyerno ang pagpapanatili ng mga ito sa kamay ng gobyerno, kahit pa dapat naman talagang ibigay bilang serbisyo ng gobyerno ang serbisyo ng mga GOCC, katulad ng National Power Corporation. Para makabayad sa utang panlabas, ipinapanukala sa gobyerno, at pinaplano na nito, na ibenta na ang mga GOCC. Iisa lamang ang makikinabang sa ganito: mga malalaking dayuhang bangko at korporasyon.
Iisa lamang ang talo sa ganito: ang mga estudyante, kabataan at taumbayan.

## *Ano ang kaugnayan ng UP budget cut sa mga panukalang batas na bersyon ng Senate Bill 2587?*

Ang Senate Bill 2587 at ang mga bersyon nito sa House of Representatives at Senado ay mga batas na gawing lehitimo at patindihin ang nagaganap na komersiyalisasyon sa unibersidad. Ang mga ito ay tuwirang humahadlang sa ating pakikipaglaban para sa mas mataas na subsidyo mula sa gobyerno. Tahasan nitong hahayaan ang estado sa tuluyang pagtalikod sa kanyang tungkulin na pondohan ang UP at edukasyon. Lalo nitong itinutulak ang UP na lumikom ng sariling pondo sa pamamagitang ng pagtataas ng bayarin ng mga estudyante at komersiyalisasyon ng mga pag-aari ng UP. Sinusugan ng SB 2587 at ng mga kamukha nitong panukalang batas ang mga nauna nang patakaran ng gobyerno sa UP at edukasyon.

Nauo na ng Senado, mula sa Technical Working Group para sa pagbabago sa UP charter, ang SB 1833. Sa esensya, wala itong pinag-iba mula sa SB 2587 lao na hinggil sa pagtataas ng bayarin ng mga mag-aaral, pagpapalakas sa corporate powers ng BOR at sa komersiyalisasyon ng mga pag-aari ng UP.

- Sa Section 11, itinatakdang kasama sa "Powers and Duties of the Board of Regents," Article M, ang "To fix the tuition fees and other necessary school charges, as the Board may deem proper to impose, after due consultation with the students concerned."

- Sa Section 20, Article A hinggil sa "Land Grants and Other Real Properties of the University," kinikilalang subsidyo ng estado sa UP ang mga lupang pag-aari nito: "The State shall provide subsidy to the University of the Philippines System as the National University in the form of lump sum amount, through general appropriations and other financial benefits, and in kind, through land grants and donations and use of other real properties." Sa pamamagitan nito, ginagawa nang bahagi ng UP Charter ang opinyon ng mga kasapi ng kaguruan na tahasang pumapabor sa pagtalikod ng estado sa tungkuling pondohan ang UP.

- Sa Section 20 rin, sinasabing "The Board of Regents may plan, design, approve and/or cause the implementation of contracts, mechanisms, and financial instruments, such as <u>joint ventures, long-term leases, fully-owned subsidiaries, securitization and, in exceptional cases, sale</u>, to give the University the flexibility to generate revenues and other resources from land grants and other properties." Idinagdag lamang dito, mula sa SB 2587 ang "in exceptional cases" sa usapin ng pagbebenta ng lupain – na sanhi ng maiinit na debate. Pero sa kalakhan at esensya, walang pagbabago sa probisyong ito.

Malinaw na ang layunin ng mga probisyong ito ay ang lumikom ng sariling pondo ang UP, hindi ang igiit sa estado ang tungkulin nitong pondohan ang UP at edukasyon. Pagsang-ayon ito sa patakaran ng gobyerno na bitawan ang tungkuling pondohan ang UP at edukasyon. Makikita ang ganitong patakaran sa: (1) Palagiang mababang budget na ibinibigay sa UP, na sa ilang taon ay binabawasan pa, (2) Mga patakaran ng UP na kung hindi man pabalat-bungang nagsasabing kailangan ng subsidyo mula sa gobyerno pero isinusuko ang laban sa pagsasabing mahirap na makamit ito, ay ang tahasang pagsasabing mas mainam na lumikom na ang UP ng sariling pondo, at (3) Mga patakaran ng gobyerno sa edukasyon na malinaw ang ganitong nilalaman at direksyon, lalo na para sa UP.

Nagkokomersyalisa ang UP dahil sa budget cut at tuluy-tuloy na mababang budget. Nagtataas ito ng mga bayarin at nagkokomersyalisa ng mga lupa para punuan ang subsidyong binabawasan at ipinagkakait ng gobyerno. Matagal nang nagkokomersyalisa ang UP. Hindi ito kailanman nagtulak sa estado na tuparin ang tungkulin nito sa UP. Sa halip, lalo pang nagtutulak ang gobyerno ng pagkokomersyalisa ng UP: Habang patuloy ang estado sa pagtakas sa tungkulinng pondohan ang UP at edukasyon, patuloy naman ang UP Admin sa paghabol sa pondong binabawas o ipinagkakait sa pamamagitan ng pagkokomersyalisa. Hindi rin napupunuan ng pagkokomersyalisa ang mga pangangailangan ng UP. Lalo lamang tumatakas ang estado sa tungkulin nito. Ang resulta ay patuloy at papatinding komersyalisasyon ng UP. Ang tinutungo nito ay isang UP na lubos na komersyalisado. Matatanaw na natin, sa matagalan, hindi lang ang pagtulak ng gobyerno sa UP na lumikom ng sariling pondo, kundi ang paglikom ng UP ng pondo para sa gobyerno sa pamamagitan ng komersyalisasyon.

Dapat gamitin ang mga lupa ng UP, pero hindi sa komersyalisasyon. Dapat itong gamitin para punuan ang kasalukuyang pangangailangan ng UP para sa mga bagong klase, laboratoryo, dormitoryo, pasilidad na pang-akademiko at iba pa. Dapat pa ngang paramihin at paunlarin ang mga pasilidad na pang-akademiko ng UP – at pasaklawin ang edukasyong UP sa kabuuan – upang magbigay ng edukasyon sa mas maraming mga kabataan at mamamayan. Sang-ayon ito sa prinsipyong ang edukasyon ay karapatan at tungkulin ng pamahalaan na bigyan ng edukasyon ang taumbayan.

Sa kabuuan, ang epekto ng komersyalisasyon – ng edukasyon at pag-aari ng UP, na iisa at palaging magkasama – ay atake sa ating karapatan sa edukasyon, gayundin ng kabataang Pilipino na nagnanasang makatamasa ng de-kalidad na edukasyon. Ang edukasyon ay karapatan ng lahat at hindi pribilehiyo ng iilan. Para matiyak ito sa konteksto ng kahirapan ng nakakaraming Pilipino, kailangang pondohan ng gobyerno ang edukasyon. Kapag hindi – katulad ng nagaganap ngayon – ito ay magiging pribilehiyo ng iilan, at bahagi ng lipunang nagpapayaman sa mayaman at nagpapahirap sa maralita.

## *Sa panahong mayroong krisis sa pananalapi ang gobyerno, makatwiran, maka-estudyante, maka-kabataan at maka-taumbayan bang labanan ang UP budget cut at ipaglaban ang mas mataas na budget para sa UP, edukasyon at serbisyong panlipunan?*

Oo. Hindi dapat ibayo pang tipirin, gipitin at pahirapan ang mga estudyante, kabataan at taumbayan dahil sa krisis. Hindi ang UP budget cut, ang pagpapababa o pagkaltas sa budget ng edukasyon at serbisyong panlipunan ang tunay na solusyon sa krisis na ito. Ang totoo, ang mga hakbanging ito ay bahagi ng mga patakarang ugat ng krisis.

Inamin ng gobyernong Macapagal-Arroyo ang krisis sa pananalapi dahil hindi na ito magawang pagtakpan pa. Hindi tunay na solusyon, gayunman, ang inihahain nito, kundi mga pahirap sa mga estudyante, kabataan at sambayanan – na sinasabayan ng panawagan ng "pagtitipid" ng lahat. Kasama na rito ang UP budget cut at ang mababang budget at kaltas sa budget ng edukasyon at mga serbisyong panlipunan. Hindi binabago ng gobyernong Macapagal-Arroyo ang mga batayang patakarang pinag-uugatan ng krisis: ang neo-liberal at maka-globalisasyong patakaran ng liberalisasyon, deregulasyon at pribatisasyon ng ekonomiya. Hindi rin nito binabago ang esensyal na katangian ng ekonomiyang atrasadong agrikultural at kontrolado ng dayuhan. Sa halip na solusyunan ang krisis, lalong ilulugmok ng mga "solusyon" nito ang bansa sa mas malalim na krisis.

Hindi lamang kahinaan sa pagkolekta ng buwis, o kawalan ng kita at kabulukan ng mga Government-Owned and Controlled Corporations (GOCCs) ang ugat ng krisis. Ang totoo, palatandaan lamang nito ang kabuuang pagbagsak ng kita at hindi makontrol na paglobo ng depisit sa budget at utang ng gobyerno. Halos 130% ng Gross Domestic Product ng bansa ang kabuuang utang ng sektor publiko – lampas sa pandaigdigang pamantayang 25%. Sa loob ng nakaraang dalawang dekada, mahigit doble ang inilaki ng utang ng gobyerno kumpara sa inilaki ng nominal na ekonomiya, at lalong higit pa sa inilaki ng totoong ekonomiya. Pinakamalaki sa kasaysayan ng bansa ang inutang ng gobyernong Macapagal-Arroyo sa unang tatlong taon nito. Pinapasahol pa ang sitwasyon ng talamak at tahasang katiwalian at kurakot sa burukrasyang sibil at militar ng gobyerno.

Ang tunay na ugat ng krisis ay ang ekonomiyang atrasadong agrikultural at kontrolado ng dayuhan. Sa pagkatali sa pandaigdigang pamilihan, bagsak ang agrikultura. Noon pang huling bahagi ng dekadang 1970, bagsak na ang presyo at pamilihang internasyunal ng mga tradisyunal na eksport at hilaw na materyales tulad ng asukal, troso, kopra, at mineral bunsod ng labis na produksyon nito. Iginugupo pa ang agrikultura at industriya ng pagdagsa ng mga produktong imported at paglala ng ismagling. Nananalasa pa ang mga dayuhang bangko at korporasyon na pinapayagan ng gobyerno sa liberalisasyon, deregulasyon at pribatisasyon. Kumikita sila sa kalakalang kolonyal, usurang internasyunal, manipulasyon ng mga kontrata, ispekulasyon sa mga sapi at pananalapi, pagbili sa GOCCs sa presyong bargeyn, murang hilaw na materyales at iba pang paraan.

Hindi ang mga patakarang itinutulak ng gobyerno – pagtitipid sa pambansang budget, pagsingil ng mataas na buwis, at pagbebenta ng GOCCs – ang tunay na solusyon. Dagdag-pahirap ito sa taumbayan. Pakitang-tao lang ang pagtitipid ng gobyerno, lalo na kung ihahambing sa pagtitipid na ipinataw nito sa taumbayan sa pagkaltas at pagpapababa sa budget ng edukasyon at mga serbisyong panlipunan. Sisingilin pa ang taumbayan ng mga bagong buwis – sa harap ng kawalan ng trabaho at ng maliit at papadausdos na kita. Panay ang singil at pahirap sa taumbayan kasabay ng napakalaking pambayad sa utang-panlabas. Ibebenta pa ang GOCCs, katulad ng National Power Corporation, na dapat ay nagbibigay ng serbisyo sa taumbayan. Ginagawang batayan ang tiwaling pamamalakad sa mga ito ng gobyerno para isubo sa mga dayuhang korporasyon.

Ang kailangan ay baguhin ang mga patakaran ng gobyerno sa ekonomiya, gayundin ang ekonomiya ng bansa mismo upang tunay na masolusyunan ang krisis na ito. Hindi dapat tipirin, gipitin at lalong pahirapan ang taumbayan – na matagal nang naghihirap dahil sa mga patakaran sa ekonomiya at katangian ng ekonomiya ng bansa. Hindi *overdose* sa mga lason sa ekonomiya ang gagamot sa sakit na nagpapahirap sa taumbayan, katulad ng ginagawa ng gobyernong Macapagal-Arroyo. Ang kailangan ay paggigiit ng pambansang soberanya sa ekonomiya: tunay na reporma sa lupa at makabayang industriyalisasyon, pagpapauna sa interes ng taumbayan sa mga dayuhang bangko't korporasyon. Napakainam na pagkakataon ang krisis upang pag-aralan ng taumbayan ang mga tunay na ugat ng kahirapan at krisis at kumilos tungo sa tunay na pagbabago ng ating lipunan.

## *Ano ang aral ng ating paglaban para sa mas mataas na budget para sa UP at edukasyon?*

Pinatunayan ng ating kasaysayan sa pakikibaka para sa mas mataas na budget para sa UP at edukasyon na tanging sa sama-samang pagkilos nating mga estudyante, kaisa ang UP Community, nakakamit ang mga tagumpay sa paglaban para sa mas mataas na budget para sa UP at edukasyon: naitataas ang budget, napipigilan ang budget cut, o napapaliit ang budget cut. Sa ganito lamang natin naisusulong ang ating mga interes at kahilingan sa mga kongkretong usapin at laban sa ating pamantasan.

Kongkreto at buhay na halimbawa nito ang paglaban sa P170 M budget cut na ipinanukala ng gobyerno ni dating Pangulong Joseph Estrada sa 2000 UP budget. Binuo natn ang malawak na pagkakaisa nating mga estudyante sa Ugnayan ng Mag-aaral Laban sa Komersiyalisasyon o UMAKSYON. Makipagkaisa rin tayo sa UP Admin sa Kilusan Laban sa Budget Cut o KILBUS. Sama-samang kumilos noong Ferbruary 14, 2000 ang libo-libong estudyante, kasama ang iba pang sector sa UP upang kondenahin ang nakaabang na budget cut. Dahil dito napaatras natin ang budget cut at naging P17M na lamang ito. Muli rin naman natin

itong inulit noong November 26, 2002.  Konkretong nakamit natin ang pagkakaraoon ng dagdag na mahigit P100 M sa budget ng PGH.

### *Anu-ano ang ating mga panawagan?*

Ang ating mga panawagan ay ang sumusunod:

- LABANAN ANG P357 M UP BUDGET CUT!
- Budget ng UP at edukasyon, dagdagan!
- Ipaglaban ang karapatan sa edukasyon! Labanan ang komersiyalisasyon!
- Labanan ang pag-reenact sa pambansang budget ng 2004 para sa 2005!
- Ibasura ang late registration fee!
- Itigil ang pagpataw at pagtaas ng laboratory fees!
- Tambayan para sa mga organisasyon!
- Ibigay ang mga benepisyo ng mga guro at kawani!
- Ibasura ang Senate Bill 1833 at mga bersyon ng Senate Bill 2587!
- Kabataan, hindi utang! Isalin ang budget para sa utang panlabas sa edukasyon at mga serbisyong panlipunan!
- Serbisyo sa kabataan at mamamayan, hindi utang sa dayuhan!
- Libro, hindi bala! Isalin ang budget para sa militar sa edukasyon at mge serbisyong panlipunan!
- Ipaglaban ang makabayan, siyentipiko at pangmasang edukasyon!